Serbisyo ng gas na mula sa core gas aggregation

Malaya kang bumili ng natural gas para sa tahanan mo sa ibang kompanya ng gas sa halip na sa iyong regular na utility company. Core Transport Agents (CTAs) ang tawag sa mga kompanyang ito.

Ang mga CTA ay naaprubahang magbenta ng natural gas sa mga consumer, at ikaw ay maaaring magdesisyon kung gusto mong bumili ng gas sa mga kompanyang ito o manatili sa iyong regular na utility company.

Mag-ingat sa mga kompanyang nagbabahay-bahay at nagsasabi sa iyo na kailangan kang magpalit ng mga kompanya. Maari nilang sabihin, “Kami ang inyong bagong gas company,” o “Ililipat ang mga nakatira sa kalsada n’yo sa kompanya namin.” **Kailangan ng CTA ang inyong pahintulot bago nila mapalitan ang inyong serbisyo.**

Kung nagbabalak kang lumipat sa isang CTA:

Tiyakin mo na naiintindihan mo kung ano ang pinapayagan mo:

- Itanong kung may kontrata, hanggang kailan ang buhay ng kontrata, at kung may babayaran kung hindi tinapos ang kontranta. Humingi rin ng mga itinatakdang kondisyon ng kontrata na nakasulat sa wikang gusto mo.
- Kung tumatanggap ka ng CARE discount, siguraduhing ang iyong diskwento ay mairerekord sa bago mong enrollment.
- Alamin ang presyo ng kanilang serbisyo. Ihambing ang presyo kada kilowatt-hour sa iyong kasalukuyang bill.
- Alamin kung sino ang tatawagan kung ang bill mo ay hindi mas mababa (kung nagbigay ng ganoong garantiya).
- Kung pinili mong bumili ng gas sa isang CTA, makakatanggap ka pa rin ng bill sa regular na utility/gas company. May seksyon na nagpapakita na ang singil ay mula sa CTA.
- Kung pinili mong bumili ng gas sa isang CTA, kokontakin mo pa rin ang utility company mo tungkol sa mga isyung pangkaligtasan tungkol sa serbisyo ng gas. Ang utility company mo pa rin ang magdedeliber ng iyong gas.

Kung AYAW mong lumipat sa isang (CTA):

- Sabihan ang lahat ng tao sa bahay mo na **HUWAG** sumang-ayon nang berbal sa anumang serbisyo kung hindi n’yo ganap na naiintindihan ang lahat ng mga kondisyon.
    - May mga ahente na maaaring tumawag sa iyo sa telepono o makipag-usap nang harapharapan.
    - Huwag pumirma sa anuman liban na lang kung lubos mong nauunawaan ito. Humingi ng impormasyon sa wikang gusto mo.

- Kunin mo ang impormasyon ng taong kumakatawan sa kompanya at kung paano siya kokontakin. Humingi ng business card.

Mga Isyu ukol sa Gas Aggregation:

1. Maaaring nailipat ka sa ibang gas supplier **NANG** may pahintulot mo, pero sa halip na nakatipid, tumaas ang iyong mga bill.

2. Maaring nailipat ka sa ibang gas supplier **NANG WALANG** permiso mo. Maaring hindi mo pa alam ang ngalan ng CTA na makikita sa bill mo.

Kung naranasan mo ang alinman sa mga problemang ito, kontakin mo ang iyong organisasyong CHANGES para humingi ng tulong.

Heto ang paraan para malaman kung may CTA sa iyong bill:

1. Tingnan ang huli o ang pangalawang pahina mula sa huli ng bill at tingnan kung may ibang pangalan ng kompanya (hindi iyong regular na utility company mo). Itinatatak ng ilang mga kompanya ang logo nila sa bill, ang iba, inilalagay lang ang pangalan ng kompanya nila; o

2. Tingnan ang pahina na may mga detalye ng gas charges at hanapin ang credit na ang tawag ay “Gas procurement Credit.”

Ano ang dapat mong gawin kung may makita kang pangalan ng isang kompanya sa bill mo na hindi mo kilala?

1. Tanungin ang mga miyembro ng iyong sambahayan kung nakipag‑usap sila sa sinuman ukol sa pagpapalit ng kompanya ng gas o pagpapababa ng gas bill sa telepono o nang personal.

2. Kontakin ang kompanya para ikansela ang serbisyo. Ipaalam sa kompanya ang anumang posibleng misrepresentasyong nangyari. Pwede kang tulungan ng iyong organisasyong CHANGES tungkol dito at tawagan ang kompanya para sa iyo.

3. Ipaalam sa iyong regular na kompanya ng gas ang tungkol sa problema. Kung papayag ka, puwedeng tumawag ang iyong organisasyong CHANGES para sa iyo.

Ang iyong organisasyong CHANGES ay pwedeng i-tsek ang iyong mga bills, tulungan ka sa pagsagot sa papeles, makipag-usap sa utility company para sa iyo, at sagutin ang iyong mga tanong at/o mga alalahanin o problema.

Community Help and Awareness of Natural Gas and Electricity Services
“CHANGES”

Kontakin ang iyong lokal na organisasyong CHANGES para humingi ng tulong:

Ang CHANGES ay isang programa ng California Public Utilities Commission
www.cpuc.ca.gov